**PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE**
**News and Information Bureau**

**PUBLIC BRIEFING #LagingHandaPH**
**HOSTED BY PCOO UNDERSECRETARY ROCKY IGNACIO**
**MARCH 7, 2022 (11:01 A.M. – 11:50 A.M.)**

**USEC. IGNACIO:** Magandang umaga, Pilipinas, at sa lahat po ng ating mga kababayan saanmang panig ng mundo. Ngayon po ay March 7, 2022, araw ng Lunes, panibagong linggo po muli ng talakayan at balitaan ang ating pagsasaluhan tungkol sa mga napapanahong isyu sa loob at labas ng ating bansa. Ako po si Usec. Rocky Ignacio at ito ang Public Briefing #LagingHandaPH.

Una po sa ating mga balita: Kamara nagsagawa ngayon ng special hearing hinggil sa walang prenong pagtaas sa presyo ng mga produktong petrolyo. Ang update niyan alamin natin mula kay Daniel Manalastas:

[NEWS REPORT]

**USEC. IGNACIO:** Maraming salamat sa iyo, Daniel Manalastas.

Kasabay naman ng pagtaas ng presyo ng mga produktong petrolyo, unti-unti na ring nararamdaman ng taumbayan ang pagtaas ng presyo ng ilang pangunahing bilihin gaya po ng tinapay. Magtutuluy-tuloy pa kaya iyan, alamin po natin mula sa tagapagsalita ng Department of Trade Industry na si Undersecretary Ruth Castelo. Good morning po, Usec.

**DTI USEC. CASTELO:** Usec. Rocky, good morning po. Good morning sa lahat.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec., naku, bukod sa mga tinapay o itong baked products, anu-ano pa raw pong produkto o iyong basic commodity ang nagmahal na rin sa ngayon?

**DTI USEC. CASTELO:** Usec., mayroon tayong latest suggested retail price bulletin ng January 27, 2022. So ito iyong pinakahuling movement ng presyo ng tinapay na nasa bulletin natin especially iyong Pinoy Tasty and Pinoy Pandesal that we pushed talaga kasi ito iyong can compete with higher brands pero ang presyo niya ay regulated ng DTI because it's a collaboration project with the Phil Baking Association.

So far, wala pa tayong—iyong mga nasa listahan natin, hindi naman sila puwedeng mag-increase ng presyo because kailangan nila munang mag-submit ng data sa DTI, mag-request sila, and then we're going to study, and then publish another suggested retail price bulletin bago maging effective.

Mayroon tayong mga requests, Usec., pero mga last year pa ito, iyong mga naiwan na tranches dahil hinati-hati natin iyong increases na ni-request nila at kung mayroon man tayo na latest request, hindi rin naman due to the increase of prices of fuel, Usec.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Bale, Usec., ulitin lang natin: May mga nag-propose na ba sa DTI ng dagdag presyo sa retail price sa ilang manufactured products?

**DTI USEC. CASTELO:** After the Ukraine-Russia conflict, Usec., mayroon na kaming na-receive na isa, isang produkto. Hindi rin naman directly because of fuel kung hindi iyong presyo naman ng isda ang reason nila.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero, Usec., sa ngayon, kapansin-pansin talaga itong pagmahal ng ilang agricultural products gaya po ng gulay at karne sa mga palengke. So ano po iyong reaksiyon ninyo sa panawagan ng ilang grupo na mag-stockpile na ang DTI at Department of Agriculture para maibenta raw po iyong mga basic commodities sa mas mababang presyo, posible po ba ito? May kaugnayan po ito sa tanong kasi ni Evelyn Quiroz ng Pilipino Mirror na sa ngayon raw po, ano iyong plano ng DTI sa nararamdamang epekto sa presyo ng bilihin dahil po sa krisis sa pagitan ng Russia at Ukraine?

**DTI USEC. CASTELO:** Usec., we encourage that, mag-stockpile. Actually, pinag-uusapan na dito sa DTI na kung puwede na tayong mag-stockpile ng agricultural products like iyong frozen pork at frozen meat, mga imported siya, and chicken. Marami tayong poultry supply dito pero puwede na tayong mag-umpisang mag-stockpile.

For manufactured food products naman, Usec., ang supply inventory kasi ng—ang stock inventory kasi ng retailers and manufacturers natin would last for like between 30 to 90 days. So iba-ibang produkto iyan, mayroong 45 days, may 60 days, abot hanggang 90. So, so far, kung impact ng presyo ng fuel ang pag-uusapan natin especially because of the Ukraine-Russia conflict, hindi pa po siya dapat makaapekto doon sa mga existing inventory na natin kasi finished product na itong mga ito, Usec.

Gawa na siya even before the conflict started so hindi na siya dapat maapektuhan nung conflict na nangyayari ngayon.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Isunod ko na rin po iyong tanong ng ating kasamahan sa media, mula po kay Sam Medenilla ng Business Mirror: Is the DTI considering releasing a new SRP bulletin soon to reflect the increasing fuel prices? Why or why not daw po?

**DTI USEC. CASTELO:** Usec., alam mo naman ang DTI, we calibrate talaga iyong releases ng SRP bulletin. Kasi kapag nag-publish tayo ng panibago, ibig sabihin i-increase ang presyo, may adjustment siya. Bihira iyong nangyayari na nag-a-adjust tayo ng bulletin dahil binaba ng manufacturers ang presyo.

So sa ngayon, because we have not received a lot of requests naman, ilan-ilan pa lang din iyon, and like I mentioned earlier, may isa lang that we received after the Ukraine-Russia conflict. Hindi pa natin nakikita na mag-a-adjust tayo ng presyo sa ngayon.

And we'll communicate also with the manufacturers na medyo hinay-hinay lang rin sa pag-request dahil kailangan natin siyempre magtulung-tulong na naman, parang COVID lang, na galing tayo sa pandemic tapos ito na naman ngayon ang problema. So iyong private sector cooperation and support talaga rin inaasahan natin, Usec.

**USEC. IGNACIO:** Pero, Usec., bukod dito sa stockpiling, si Pangulong Duterte rin po iyong mismong nagbanggit na handa po iyong pamahalaan na i-carryout daw po iyong implementation nitong Price Act.

So ano na po ba iyong aksyon na ginawa ng DTI tungkol dito? Kinukonsidera po ba natin iyong pagbabalik sa price ceiling? Iyon po ang tanong ni Dano Tingcungco ng GMA News, Usec.

**DTI USEC. CASTELO:** Usec. Rocky, mayroong mga provisions sa Price Act na nagbibigay ng relief mechanisms para sa pagtaas ng presyo. Mayroong automatic price freeze iyan upon the declaration of any state of calamity, kahit saang lugar sa Pilipinas mag-o-automatic ang price freeze. Pero, of course, the President pa rin has the prerogative kung magdi-declare siya ng ganoon.

And then, mayroon tayong mandated price ceiling provision din sa Price Act na upon the recommendation ng implementing agency whether it's DTI, DA, DOH, DOE o kung anong ahensiya na nag-i-implement ng Price Act, the President may also declare a mandated price ceiling. Puwede rin iyon upon the recommendation of the National Price Coordinating Council para kung talagang kinakailangan, Usec., for certain products, puwede nating i-recommend sa Pangulo.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero, Usec., anong mga produkto ang sakop ng Price Act? At paano naman po iyong mga negosyante, retailers, manufacturers na maaapektuhan din sakali nga pong magpatupad ng price ceiling? Paano po ito binabalanse ng pamahalaan?

**DTI USEC. CASTELO:** Iyong mga products po under the Price Act, Usec., ang Department of Health, ang essential medicine; ang Department of Agriculture, lahat ng agricultural products whether fresh or frozen; sa DTI po, manufactured food products at mayroon din mga ilan na non-food, ang mga basic natin – tinapay kasama iyan, coffee, processed milk, kasama ang instant noodles, kasama ang canned sardines. Ang prime commodities natin, canned meat, kasama rin ang kandila, even detergent soap, Usec., kasama iyan as prime commodities. So itong mga produkto na ito iyon talagang binabantayan natin sa DTI.

And what we include in the suggested retail price bulletin, iyong pinakamabibilis na mabili, pinaka-fast moving sa merkado kasi medyo mababa ang presyo because of the SRP nga na mas affordable sa mga tao. So ito iyong mga produkto na iyan.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec, kuhanin ko na rin iyong observation ninyo dito sa unang linggo ng Alert Level 1 sa Metro Manila at sa iba pang lugar sa bansa. May kapansin-pansin na po bang pagbabago sa paggalaw ng komersyo sa mga lugar na ito?

**DTI USEC. CASTELO:** Nasa labas na halos lahat ng tao, Usec. Kung pupunta ka sa mga business centers like sa malls, ano na siya, parang bumabalik na sa normal ang activity natin.

And DTI encourages that kasi para mag-normalize na rin ang economic activity natin; mag-circulate na ulit ang pera sa ekonomiya, mas okay iyon. Pero we have observed also, Usec, na mayroong mga business establishments pa rin na hindi naman because 100% na tayo, hindi talaga pinapabayaan ang health protocols.

Mayroon tayong mga napuntahan na sinehan na ayaw pa rin nilang magpakain sa loob ng sine dahil nga mas safe rin naman kung nasa loob ka ng enclosed area tapos nakasuot ka ng face mask. Kasi kapag kumain ka, mag-aalis ka ng mask and then siyempre may iikot na virus.

So, ito iyong observations natin. But of course, we continue to remind everyone na hindi po dahil Alert Level 1 na tayo ay magiging complacent na. Nandiyan pa rin po ang virus, so we still need to protect ourselves by wearing facemask at mag-sanitize ng kamay.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec, panghuling mensahe na lamang o paalala po sa ating mga kababayan sa gitna nitong isyu sa ekonomiya sa bansa dulot pa rin po ng Ukraine-Russia dispute. Go ahead po, Usec.

**DTI USEC. CASTELO:** Oo, Usec. Thank you very much for this opportunity. We want to assure the public na ang presyo po ng mga pangunahing bilihin, naiintindihan natin na kahit sa ayaw natin at sa gusto, magkakaroon at magkakaroon po ng impact sa atin pero hindi pa po iyan immediate. Hindi pa iyan sa ngayon, we're looking at the next three months bago po mag-epekto iyong nangyayari sa Europe dito sa ating bansa kaya sana matapos, Usec, para hindi tayo talaga maapektuhan, ang presyo natin.

We have enough supply, hindi po kailangan mag-panic ng mga tao and we're also tempering kung mayroon mang price increases, inaalalayan din po natin para hindi masyadong bumulusok ang presyo kung sakali man. And if there's any observation sa labas whether it's violation ng mga mandatory health protocols natin or sa presyo, puwede po silang tumawag sa atin sa DTI 1384 o mag-email po sa consumercare@dti.gov.ph.

**USEC. IGNACIO:** Okay. Maraming salamat po, DTI spokesperson Undersecretary Ruth Castelo.

**DTI USEC. CASTELO:** Thank you, Usec.

**USEC. IGNACIO:** Samantala, upang mas maging accessible ang public health service, Senator Bong Go, isinusulong ang pagtatayo ng mga 'super health center' sa bansa. Narito po ang report.

[NEWS REPORT]

**USEC. IGNACIO:** Isang linggo matapos pong ideklara ang Alert Level 1 sa Metro Manila at iba pang lugar sa bansa, isang linggo na rin pong back to work ang ilan sa ating mga kababayan.

Iyan po ang kukumustahin natin mula po kay Assistant Secretary Ma. Teresita Cucueco mula po sa Bureau of Working Conditions ng Department of Labor and Employment. Good morning po, ASec.

**DOLE ASEC. CUCUECO:** Good morning, Rocky at sa lahat ng mga nakikinig ngayong umaga sa Laging Handa. Magandang umaga po sa inyong lahat.

**USEC. IGNACIO:** Opo. ASec., sa ngayon po ay ano po muna itong existing guidelines para sa full capacity at onsite operations sa mga negosyo at trabaho sa ilalim po ng Alert Level 1?

**DOLE ASEC. CUCUECO:** Sa katapusan ng February po ang IATF po, dahil sa kadahilanan na ang kaso nga po natin ng COVID ay bumababa at ang vaccination naman po ay maganda na lalo na sa mga lugar na humigit na ng 70% ang vaccination, ito ho ay naglabas ng guidelines tungkol sa Alert Level 1 at ito nga ho ay nakikita na sa NCR at sa 38 other areas.

Ngayon, nandoon po sa Alert Level 1 na puwedeng mag-100% onsite work capacity na po ang lugar-paggawa pero nandoon pa rin ho na sumusunod dapat number one sa minimum public health standards. Isusuot pa rin ang face mask whether indoors or outdoors and iyong ventilation in closed spaces should also be complied with, and the vaccinations.

Kasi onsite work po ito, nandoon na rin po ang dating IATF Resolution na iyong mag-o-onsite ay bakunado or kung walang bakuna ay may RT-PCR test na ginagawa at least once every two weeks po.

**USEC. IGNACIO:** Opo. ASec, pero bukod po diyan ano, mayroon po bang ginawa pa kayong modifications or adjustment para po dito sa mga ipatutupad sa isang opisina o workplace para po talagang masiguro na nasusunod talaga iyong minimum health standards?

**DOLE ASEC. CUCUECO:** Ang pinakaimportante, nandoon na ho alam na ho natin iyan at mindset na po natin iyong pagsusuot ng mask, iyong ventilation po lalo na pumapasok na po tayo sa opisina at ito ay kino-consider na closed space.

Kung ganoon ho, kailangan ho, sinabi na noon, kung mayroon kayong windows especially, kung puwede mong buksan iyon even if a little para maganda po iyong daloy ng hangin.

Dapat ho gawin natin iyan dahil importante din po ang bentilasyon at alam natin na itong magandang bentilasyon ay makakababa po kung mayroon mang COVID at may mga asymptomatic na pumasok eh matatangay po nitong bentilasyon kung anumang mikrobyo ang nasa loob.

Although iyong physical distancing ay hindi na masyadong pinapasunod kasi nga naka-100% onsite na, nandoon naman ho ang dapat na iyong mask, iyong frequent disinfection, iyong ventilation.

So, with that po and of course, nandoon pa rin naman ho na kung hindi maganda ang pakiramdam, huwag na muna pumasok at obserbahan at i-monitor ang sintomas natin at mag-consult po para malaman natin kung ano ang mga kadahilanan ng isang taong may hindi magandang karamdaman po.

**USEC. IGNACIO:** ASec, ito po bang 100% onsite ay mandatory na o may option pa rin po ang ating mga private employers na mag-decide kung alternative work arrangement pa rin iyong ipatutupad nila?

**DOLE ASEC. CUCUECO:** Usec. Rocky, prior to COVID, naglabas na po ng Telecommuting ACT, ito iyong Republic Act na 1165. At noong inilabas po ito, ang problema noon iyong traffic at iyong kahirapan ng pag-commute, iyong haba ng oras ng commute.

Kaya with the use of technology, nandoon iyong alternative work arrangements na in-allow na by the law and ang DOLE gumawa na ng Department Order 202-2019 na nagbibigay ng mga mga parameters for these alternative arrangements.

So, during COVID, nakita din po natin na marami sa mga kasamahan natin sa paggawa ay talagang mas nagiging effective ang work from home at hindi ho natin matatanggal iyon sa management na kung nakikita naman nila na maayos ang work from home output and productivity and delivery, puwede po naman nilang gawin pa rin ito.

**USEC. IGNACIO:** ASec, sa isang pahayag po ay sinabi ni DTI Secretary Ramon Lopez na hindi na po ini-encourage o hindi na encouraged and work from home set-up sa ngayon although permissible o pinapayagan naman po. Ano po ang masasabi ninyo dito?

**DOLE ASEC. CUCUECO:** Alam ninyo, naiintindihan ho natin si Secretary Lopez kasi mas maraming tao sa labas, mas maganda rin po iyong tinatawag na foot traffic, iyong para sa economy mas makakaikot po iyong mga tao, makakabili, pero mayroon din ho tayong tinitingnan na prerogative ng management for the work from home.

Kaya nga sinasabi natin hindi ho lahat ay puwedeng mag-work from home, mayroon na talagang kailangan mag-work onsite para mas maganda naman ho talaga ang serbisyo ng isang kumpanya. Pero puwede pa rin i-allow, on a management prerogative and voluntary agreement availment with the workers na magpa-work from home pa rin naman po.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero ano pa iyong palagay ninyo kung gagawin na ang matagal na ring pino-propose, ito po iyong four-day work week dito sa Pilipinas? Posible po ba ito lalo ngayong sinasabi nila mahirap bumiyahe dahil sa grabeng pagtaas na rin ng presyo ng langis, ASec?

**USEC. IGNACIO:** Pero ano po iyong palagay ninyo kung gagawin na ang matagal na ring pino-propose na—ito po iyong four-day work week dito sa Pilipinas. Possible po ba ito lalo ngayong sinasabi nila mahirap bumiyahe dahil sa grabeng pagtaas na rin ng presyo ng langis, Asec?

**DOLE ASEC. CUCUECO:** USec., actually ang Senate at ang Congress ay nagkaroon na ng mga hearings tungkol dito. Hindi lang ho siguro nabigyan—kasi marami hong mga detalye dito sa four-day work week na kailangan din nating tingnan maigi dahil sa Labor Code. May mga guidelines po tayo sa… the work that must be done. Pero naisulong na po ito, iyong mga proposal for this po, let us hope that—let us see in the next Congress kung may batas na po na mangyayari tungkol dito po.

**USEC. IGNACIO:** Opo. ASec, ano po iyong karapatan ng isang empleyado para masiguro ang proteksiyon at kaligtasan nila laban po sa COVID-19 at sa ano pa mang hazard o sakit habang nasa trabaho po?

**DOLE ASEC. CUCUECO:** Ganito po 'no, although nasa Alert Level 1 na tayo, alam na rin po natin na nag-relax na iyong paggalaw po natin, pero nandiyan pa rin po iyong minimum public health standards, nandiyan po lalo na iyong vaccination, having that, nakikita po natin, bumababa iyong kaso.

Ang kasiguraduhan po natin ay mas mababa po iyong panganib natin ngayon. Dahil iyong kaso bumababa, ibig sabihin noon, hindi na karamihan apektado at iyong mga naapektuhan is may personal responsibility na po sana na immediately mag-isolate at kung may close contact ay immediately mag-quarantine, para hindi na po sila maging source of infection.

Kaya with the vaccination, with the minimum public health standard at sa pagpasok sa isang closed space na maganda po ang bentilasyon at nandoon pa rin iyong mga ibang minimum public health standards that we should follow, eh iyan na po iyong kasiguraduhan natin na ang mga layers of protection sa atin ang magbababa ng panganib natin na mai-infect sa COVID po.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Maraming salamat po, Asec. Kunin ko na lamang po iyong paalala at mensahe ninyo sa ating mga kababayan, partikular po sa mga manggagawa ngayong nasa new normal na po tayo.

**DOLE ASEC. CUCUECO:** Sa lahat ng kasamahan po namin sa paggawa, nasa Alert Level 1 na po tayo, pero susunod pa rin po tayo dapat sa minimum public health standard dahil nandito pa rin po ang COVID, hindi po nawawala.

Kaya ng responsibilidad po ay talagang nasa atin na, para maging—iyong ating responsibilidad sa atin, sa ating kapwa manggagawa at sa ating mga kasamahan ay nandoon para proteksiyunan natin lahat. At ang pagbabakuna po ay talagang isang pamamaraan para magbigay ng talagang magandang proteksiyon hindi sa panlaban sa COVID, pero at least hindi po tayo malalagay sa severe or critical at iyan naman po ang ayaw nating mangyari sa atin.

Pero sa ngayon bumababa na po ang kaso, huwag nating hayaan na mawala po ito at pagtulung-tulungan natin, dahil talagang—hopefully we are facing the time that we have won over this pandemic.

**USEC. IGNACIO:** Maraming salamat po sa inyong pagbibigay impormasyon at panahon sa amin, Assistant Secretary Maria Teresita Cucueco mula po sa Bureau of Working Conditions ng DOLE. Salamat po, Asec.

**DOLE ASEC. CUCUECO:** Thank you din, USec.

**USEC. IGNACIO:** Samantala, milyung-milyong doses ng COVID-19 vaccines ang matatanggap ng Pilipinas ngayong araw, para sa mga edad 12 pataas. Una dito ay ang higit 3,999,000 doses ng Pfizer vaccines na idinonate ng Estados Unidos sa ilalim ng COVAX facility. Higit 1,167,000 Pfizer COVID-19 vaccines na binili ng gobyerno ang nakatakda namang dumating mamayang gabi.

Ang pagdating ng mga bakuna ay harap na rin ng pinalalakas pang COVID-19 vaccination program ng pamahalaan. Sa katunayan, isasagawa ang ikaapat na Bayanihan Bakunahan sa March 10 hanggang 12. Una na pong sinabi National Vaccination Operation Center Head at Health Undersecretary Myrna Cabotaje na mahalagang mapataas pa ang bilang ng mga nabakunahan lalo na ang mga naturukan ng booster shot bago ang pagsisimula ang campaign period para sa mga lokal na kandidato.

Samantala, kahapon ay nakapagtala ang Department of Health ng dagdag na 870 new cases ng mga nahawaan ng COVID-19 sa bansa. Sa kabuuan, umabot na po ito sa 3,667,542 total cases; 1,433 naman po ang mga bagong gumaling kaya nasa 3,561,726 na po ang total recoveries habang 57,023 naman po ang mga nasawi matapos madagdagan ng 144 new deaths. Dahil sa mas mataas na recoveries, bumaba pa sa 1.3% or 48,793 ang kasalukuyang active cases sa bansa.

Muli po natin kumustahin ang estado ng COVID-19 cases sa bansa isang linggo matapos nating tumungo sa new normal. Patuloy pa kayang bumababa ang COVID cases sa bansa? Alamin po natin mula po kay Dr. Guido David mula po sa grupong OCTA Research. Good morning po, Professor.

**DR. GUIDO DAVID:** Yes, magandang umaga ulit, USec. Rocky at sa ating mga viewers and listeners.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Professor, kumusta po ang naging movement ng COVID-19 cases sa mga lugar na ibinaba sa Alert Level 1, simula po last week, patuloy pa rin po ba ang pagbaba nito, Professor?

**DR. GUIDO DAVID:** Yes, USec. magandang balita, patuloy pa rin nakikitang bumababa iyong bilang ng kaso, medyo nag-slow down iyong pagbaba nila, pero bumababa pa rin. Iyan iyong mahalaga at iyong prediction nga natin na less than 1,000 cases by March, ito nga, nakikita na natin ay nasa less than 1,000, inaasahan natin na patuloy pa itong bababa.

By end of March posibleng baka mga few hundreds na lang iyan, baka 300 to 500, tulad ng nakita natin noong December last year bago pumasok iyong Omicron.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Professor, pero ano po iyong nakita ninyong dahilan o bakit po naging mabagal ang pagbaba ngayon ng datos natin sa COVID?

**DR. GUIDO DAVID:** Well, hindi namin nakikita iyong detalye niyan, USec. Pero unang-una, bumaba iyong bilang ng kaso natin dahil sa vaccination saka sa population protection nakuha natin iyan dahil sa exposure.

Pero, USec, para mapatuloy natin iyong pagbaba ng bilang ng kaso, kailangan pa ring sumunod tayo sa minimum public health standards. Iyan iyong isa sa mga rason kung bakit mabilis na bumababa iyong bilang ng kaso natin noong mga nakaraang buwan at linggo, pero siyempre—hindi tayo sigurado, dahil baka dahil—hopefully not na baka medyo nakakampante ang iba nating mga kababayan, nandiyan pa rin iyong virus.

So, sana patuloy pa rin, iyon nga at least iyong pagsuot ng face mask, ito ay napakahalaga, malaking tulong nito para mapigilan iyong infection, kasi nandiyan pa rin iyong virus at nakikita natin in other parts of South East Asia, tumataas pa iyong bilang ng kaso.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero palagay ninyo, Professor, malaki pa rin iyong posibilidad na talagang magtutuluy-tuloy na sa Alert Level 1 ang Metro Manila at iba pang mga lugar o puwede pong madagdagan pa itong mga lugar na maisailalim sa Alert Level 1?

**DR. GUIDO DAVID:** Yes, USec, puwede pang madagdagan iyong mga nasa Alert Level 1, pero ayon sa metrics ng Department of Health and IATF, isa sa mga metrics nila ay iyong vaccine coverage. Ibig sabihin, kahit na mababa na iyong bilang ng kaso, pero hindi pa ganoon kataas iyong mga nababakunahan sa isang lugar, baka hindi sila malagay sa Alert Level 1.

Kaya sana patuloy iyong pagpapabakuna natin at USec, isa rin iyan na pamamaraan para ma-protect tayo from possible spike in cases. Kasi iyong immunity minsan bumababa rin siya overtime kahit na-vaccinate na tayo o na-expose na tayo. So, maganda siyempre magpa-booster din iyong mga kababayan natin para additional layer of protection against infection.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Sa ngayon po ba Professor, may mga probinsya ba tayong mga nasa high risk?

Isunod ko na rin po iyong tanong ng ating kasamahan sa media mula po kay Caroline Bonquin ng CNN Philippines: Based on your latest assessment, 48% daw po iyong growth rate ng Puerto Princesa in the past week, with 38 positivity rate. Ibig sabihin po ba tumataas na ulit ang kaso doon?

**DR. GUIDO DAVID:** Well, Usec, hindi pa naman tumataas iyong kaso sa Puerto Princesa, although may positive growth rate kasi iyong reproduction number naman nila ay mababa na. Pero that being said, wala tayong nakikitang high risk pero iyong Puerto Princesa in Luzon—I mean, I know technically, hindi siya kasama sa island of Luzon. Pero doon sa Luzon and Palawan area, siya lang iyong nasa moderate risk dahil mataas pa iyong positivity rate niya so baka medyo kulang iyong testing. Pero the other highly urbanized cities sa Luzon, especially Angeles, Dagupan, Lucena, Olongapo ay nasa very low risk, iyong NCR naman ay nasa low risk.

So itong mga areas na medyo mataas iyong positivity rate, medyo proceed with caution lang muna tayo dito pero hindi naman nangangahulugan na may surge sa ngayon pero, I mean, kailangan pa rin iyong patuloy na pag-iingat dito sa mga areas na ito.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Dagdag pa ring tanong ni Carolyn Bonquin ng CNN Philippines: May ibang probinsiya o lungsod po ba na nakitaan ng pagtaas ulit ng kaso?

**DR. GUIDO DAVID:** Well, Usec., last week, noong March 2, doon sa update namin, iyong Iloilo City also nasa moderate risk dahil hindi pa ganoon kababa iyong healthcare utilization niya kumpara sa mga ibang highly urbanized cities, at iyong ADAR niya ay hindi pa ganoon kababa rin. So isa iyan siguro sa mga areas na ... hindi naman area of concern, pero medyo binabantayan lang natin, nasa moderate risk sila. Pero iyong mga ibang lugar naman as I mentioned, sa Visayas and Mindanao ay mostly nasa low risk na o very low risk.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero Professor, in general, kumusta raw po itong hospital utilization rate sa Pilipinas, reproduction number at average daily attack rate? Consistent din po ba ang pagbaba nito?

**DR. GUIDO DAVID:** Yes, Usec, consistent iyan all over the Philippines. Iyong mga nakikita natin na mga highly urbanized cities na tina-track natin, iyong reproduction number, mabababa. Iyong positivity rate, may mga areas na medyo mataas iyong positivity rate baka dahil kulang sa testing. At iyong healthcare utilization, iyon, may mga nabanggit ako na hindi pa ganoon kababa. Wala naman at high risk pero mayroong mga iba na nasa moderate risk pa pero kaunti na lang iyong mga iyan. Iyong average daily attack rate, wala na ring nasa high risk; nasa moderate risk or better.

So nag-i-improve naman lahat ng mga numbers nakita natin. Hopefully, by end of March or first week of April, talagang mababa na iyong mga numbers natin. Pero, again, kailangan

patuloy ang pagsunod natin sa minimum public health standards, pagsuot ng facemask at pagpapabakuna at pa-booster kung eligible tayo for boosters.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Professor, ihabol ko na lang iyong tanong ni Cedric Castillo ng GMA News: DOH says, 54 million ang target daw pong ma-booster. Pero as of today, ten million (10,000,000) pa lamang daw po. Meaning, 44 million ang kailangang ma-booster until June. Are we running the risk na masayang daw po iyong mga bakunang na-procure?

**DR. GUIDO DAVID:** Well, wala akong detalye, Usec, regarding sa expiration ng mga bakunang iyan. Pero definitely, kapag hindi natin nagagamit iyan, we're running the risk na masasayang iyan. Medyo malayo pa iyong kailangan nating habulin – from 10 million to 54 million booster shots. Ang pakiramdam namin ay iyong mga tao ay hindi na nararamdaman iyong sense of urgency na magpa-booster dahil mababa na iyong numbers natin at nasa Alert Level 1. Pero that being said, iyon nga, iyong isang lugar, baka hindi sila malagay sa Alert Level 1 kung mababa iyong level of vaccination ng area na iyon. At saka iyong boosters, dagdag protection iyan; it will help prevent a possible resurgence.

May mga ibang countries na nakakita sila ng resurgence dahil kapag nagkakaroon ng waning immunity. So sana naman magpa-booster iyong ating mga kababayan. At sayang din naman iyan, libre na iyan, na-procure iyan ng ating gobyerno para sa atin so samantalahin na natin, gamitin na natin iyan para may extra layer of protection tayo.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Nabanggit ninyo iyong possible resurgence. Pero nakikita ninyo rin po ba iyong posibleng pagbaba naman sa 500 daily cases na lang by mid-March? On track pa rin po ba iyong current data natin, Professor?

**DR. GUIDO DAVID:** On track pa naman, Usec. Iyon nga, nasa 1,000 cases na lang tayo per day sa buong Pilipinas at mukhang posibleng bumaba to 500, baka kung hindi natin maabot iyan mid-March, baka mga late March. Dahil nabanggit ko nga, medyo bumagal nang kaunti iyong rate of decrease so baka hindi natin maabot iyong 500 cases per day. Pero again, kung hindi man natin maabot, baka makita pa rin naman natin iyan third or fourth week of March.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero kapag sinasabi natin, Professor, na bumagal itong sinasabi nating *[rate of decrease]*, hindi naman po ba ito magiging dahilan para magkaroon na naman po ng pagtaas ng kaso?

**OCTA RESEARCH DR. DAVID:** Well, hindi pa naman sa ngayon, USec. Pero minsan kapag bumabagal iyong rate of decrease—hindi naman lagi pero may mga pagkakataon na sa history natin na kapag bumagal iyong rate of decrease ito iyong nagsi-signal na may reversal ng trend eh. Pero wala pa naman tayong nakikitang ganiyan at continuously mino-monitor natin.

Kapag nagkaroon ng reversal ng trend, huwag naman sana at hindi naman natin ini-expect magkakaroon ng reversal ng trend pero sinasabi lang natin, binabantayan na natin iyong mga numbers, kung magkakaroon iyan makikita naman natin iyan soon.

Pero sa ngayon, wala pa naman tayong nakikitang reversal of trend, pababa pa rin naman pero bumagal lang iyong pagbaba so it means medyo nagpa-plateau nang kaunti ang mga numbers pero hopefully makita pa rin natin iyan tuloy-tuloy.

Ang isang ano natin kasi, isang factor diyan ay iyong mga numbers minsan may mga backlog, iyong mga late cases na nadadagdag so hindi natin nakikita iyong tunay na larawan kung ito ba iyong mga fresh cases or mostly may mga backlog lang dito kaya rin bumabagal iyong rate of decrease.

Pero within the next week or two weeks mako-confirm naman natin kung talagang pababa pa rin iyong bilang ng kaso.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Professor, pero ano daw po ang masasabi ninyo na ili-limit na lang din ng Department of Health sa severe at critical COVID-19 cases at mula po sa daily ay magiging weekly na ito simula ngayong araw? Papaano po ito makakaapekto sa datos na inaaral ng OCTA, Professor?

**OCTA RESEARCH DR. DAVID:** Yes, USec. Nagtanong nga ako sa Twitter ko sa mga Twitter users kung agree sila na hindi na daily iyong reporting ng data ng sa Department of Health, and overwhelmingly iyong nagsabi ng 'No' ay 85%. Hindi sila agree na huwag ng gawin daily.

So, ibig sabihin, karamihan ng mga… at least sa mga users ng Twitter, ay hindi agree na babawasan natin iyong reporting nating pero iyon iyong mga Twitter users. Sa amin, it will affect siyempre iyong monitoring natin kasi baka hindi na natin makita iyong mga ibang trends, we're going to lose visibility.

Sa ngayon, hindi naman malaking factor iyan as of now, pero hindi natin masasabi kung magkaroon ng panibagong variant - huwag naman sana - ay baka it would come at a time kumbaga wala tayong visibility.

So, I think for now, sa monitoring wala namang – sa akin – wala namang masama na makita natin iyong mga datos. At least kung nakikita nating mababa talaga iyong numbers iyong mga kababayan natin they would have more confidence to go out and you know, enjoy this new normal.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Tanong naman po ni Evelyn Quiroz ng Pilipino Mirror: Can you give the basis daw po for your recent pronouncement that the worst of the pandemic is over? Ano po ang inaasahan ng publiko sa mga susunod na araw kaugnay sa COVID-19 infection?

**OCTA RESEARCH DR. DAVID:** Yes, USec., Iyong sinabi ko naman "the worst is over for now." Ibig sabihin, ganoon din naman ang nangyari noong December, noong natapos na tayo sa Delta sinabi rin naman natin "the worst is over" pero nagkaroon ng panibagong variant.

So, siyempre, hindi natin mapi-predict iyong kung magkakaroon ng panibagong variant at kung ito ay magiging mabagsik rin. Mayroong mga variants na hindi naman sila threat eh, hindi naman mabagsik.

So, the worst is over for now because we have substantial population protection against Omicron for now and that's why iyong projections natin patuloy pa rin na makakakita tayo ng pagbaba ng cases although as I mentioned nag-slowdown itong decrease ng cases. We're hoping na patuloy pa rin iyan na bumaba, na we will see 300-500 cases by end of March.

And again, reminder pa rin sa public na patuloy na pag-iingat, nandiyan iyong virus and iyong pag-iingat natin, iyong pagsusunod sa health protocols, iyan iyong makakatulong na makikita natin na patuloy na baba iyong bilang ng kaso.

Iyong mga sinasabi nating mga waning immunity, kung naka-facemask naman tayo baka hindi naman din maging factor iyong mga iyan kung mababa lang ang bilang ng kaso.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Professor, pero ano na lang din po iyong dagdag mensahe ninyo sa ating mga kababayan na talagang sa kasalukuyan parang may agam-agam pa rin po sa pagpapabakuna? Go ahead po, Professor.

**OCTA RESEARCH DR. DAVID:** Yes, USec. Maraming salamat ulit sa pag-iimbita dito sa programa at maka-share ako sa mga nakikita natin.

Iyong pagluwag natin sa Alert Level 1 ngayon ay mahalaga ito at kailangan natin ito para matulungan iyong ekonomiya natin, para ma-lessen iyong economic impact na nakikita natin sa mga… dala ng mga events outside the countries tulad ng Ukraine-Russia conflict.

So, gusto nating matulungan mabalik natin ang kabuhayan - alam natin nagtataas iyong presyo ng mga bilihin, iyong presyo petrolyo - kaya nagtutulung-tulong tayo. Pero, again, nandiyan pa rin iyong virus.

Siguro hindi na siya kasing immediate na concern tulad ng mga… iyong nga, iyong pagtaas ng presyo ng mga bilihin, may mga other concerns tayo, pero nandiyan pa rin iyong virus at kailangan pa rin ng patuloy na pag-iingat natin.

Kaya tayo nakarating dito at na-enjoy natin kumbaga iyong benefit ng pagluluwag ay dahil sa pagpapabakuna at pagsunod sa minimum public health standards. Kapag aalisin natin ngayon iyan at this time, puwedeng ma-compromise iyong ating downward trend, ibig sabihin puwedeng mabago.

Hindi naman sana, sana hindi, pero kailangan pa rin ng patuloy na pag-iingat natin, even as we moved to Alert Level 1 or as we remain in Alert Level 1, kailangan nating ituloy ang ekonomiya at kailangan nating magtulung-tulong sa isa't isa. Pero pag-iingat pa rin at pagpapabakuna, ito

iyong dahilan kung bakit bumaba iyong bilang ng kaso natin. Ito iyong solusyon, let's help each other.

**USEC. IGNACIO:** Okay. Maraming salamat po, Professor Guido David mula po sa grupong OCTA Research. Thank you, Sir.

**DR. GUIDO DAVID:** Maraming salamat, Usec.

**USEC. IGNACIO:** Samantala, one thousand five hundred (1,500) naman pong benepisyaryo mula sa Guagua, Pampanga ang tumanggap ng ayuda kamakailan mula po sa pamahalaan hatid ni Senator Bong Go. Nagpaalala rin ang Senador na bukas na at handang tumanggap ng mga nangangailangan ng tulong ang mga Malasakit Center sa buong lalawigan. Narito po ang report.

[NEWS REPORT]

**USEC. IGNACIO:** Samantala, puntahan naman natin ang mga balitang nakalap ng Philippine Broadcasting Service. Magbabalita si Ched Oliva mula po sa PBS-Radyo Pilipinas.

[NEWS REPORT]

**USEC. IGNACIO:** Maraming salamat sa iyo, Ched Oliva ng PBS-Radyo Pilipinas.

At dito na po nagtatapos ang ating programa sa araw na ito. Ako po si Usec. Rocky Ignacio hanggang bukas pong muli, dito lamang sa Public Briefing #LagingHandaPH.

##

--
*News and Information Bureau-Data Processing Center*